Dumating kami kasama ang Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- nang kami ay nagsabi: Nandito na kami upang sadyain at isagawa ang hajj. At inutusan kami ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- at ginawa namin siyang umrah.

Mula kay Jabir -Malugod sa kanya ang Allah- ay nagsabi: Dumating kami kasama ang Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- nang kami ay nagsabi: Nandito na kami upang sadyain at isagawa ang hajj. At inutusan kami ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- at ginawa namin siyang umrah.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinagbigay-alam sa atin ni Jabir -Malugod sa kanya ang Allah- na sila ay dumating kasama ang Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- sa huling hajj at karamihan sa kanila ay nagsabi: "Nandito na kami upang sadyain at isagawa ang hajj", ibig sabihin niyon ay iisahin lang ang hajj sa kanilang intensyon, inutusan ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ang sinumang hindi pa nakapagkatay ng hayop (i.e: kamelyo, baka, tupa atbp) ay kanyang anulahin o ipawalang-bisa ito para sa umrah, at sa ganun ay magiging Mutamattiin sila, ibig sabihin mga taong nagsagawa ng umrah sa isang ihram sa buwan ng hajj, at pagkatapos isusunod nila ang pagsagawa ng hajj sa ibang ihram sa kapanahunan ng paghajj, at ginawa nila ito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4529